フィリピノ語

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 174


Ika−13 ng Nobyembre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715

## ~May mga pagnanakaw na sinasagawa ng mga nagpapanggap na taga-inspeksyon ng kuryente~

Pinagmulan: Shizuoka Kawara Nob. 4, 2020（Inilathala ng Kapulisan）

Noong Oktubre, may naitalang ilang insidente sa Shimizu-ku kung saan may mga taong bumisita sa mga kabahayan para mag-inspeksyon diumano ng kuryente sanhi ng pagkukumpuni na isinasagawa sa lugar at ninakawan ang nasabing kabahayan.

### Halimbawa ng Insidente













Ang mga kriminal ay bigla-biglang bumibisita sa bahay para “magsagawa diumano ng inspeksyon na may kinalaman sa ginagawang pagkukumpuni”.
Maraming ganitong insidente ng pagbisita ng mga nagpapanggap na trabahante sa kabahayan ang naganap sa loob ng lalawigan.

**Hakbang**

- ✧ **Gumamit ng chainlock at magkabit ng peephole sa pintuan!**
- ✧ **Huwag magpapasok ng hindi kilalang tao kahit sila ay nagpakilala na taga-inspeksyon mula sa kumpanya!**
  *(Siguraduhin ang pagkatao ng taga-inspeksyon bago pa man buksan ang pintuan.)*
- ✧ **Kung makaramdam ng pagdududa, itawag agad ito sa pulis!**

※ Lubos tayong mag-ingat sa mga panganib na maaaring mauwi sa pagnanakaw!

# Pagtugon sa「Pagpigil sa Paninirang Puri」sa Panahon ng COVID-19
# Lumikha ng「Manwal para sa Tanggapan ng Konsultasyon

Upang akmang matugunan ng alinmang tanggapan na naghahatid ng konsultasyon ang pagdulog ng mga nabiktima ng paninirang puri at para agad-agad na maipakilala sila sa karapat dapat na eksperto o tanggapan, lumikha ng manwal na layuning pagtibayin ang pagtuggon ng mga tanggapan ng konsultasyon.

Ang mga adviser ay may lubos na pag-unawa sa sanhi ng paninirang puri (saloobin ng mga tao dahil sa pandemya at mga bukod tanging katangian ng internet at SNS) at may kakayahan na tumugon sa nilalaman ng ikinukonsulta.




## Mahalagang Punto sa Manwal

Ang tao para makaiwas sa panganib at pag-aalala sa hindi nakikitang kalaban (mikrobyo), ay tinuturing na nakikitang kalaban ang mga bukod tanging tinutudla (mga nahawaan ng impeksyon at mga nagtratrabaho sa pagamutan atbp). Pinagsisikapan na iwasan pakitunguhan ang kapwa ng masama, ngunit nagpapadala sa damdamin at nauuwi sa pagbabatikos sa kapwa.
Ngunit, hindi natin dapat batikusin ng lubusan ang kapwa. Labis na masasaktan o makakaramdam ng pag-aalala at takot kapag nakaranas ng paninirawang puri mula sa hindi kilalang tao o sa mga hindi matukoy na mga tao.
Sa pinsala ng paninirang puri, kapag nagkagulo, isinisiwalat ang mga karaniwan ay hindi nasasabing mga salita o saloobin at nauuwi sa radikal na pananalita.
Ang biktima ay kailangang sumangguni sa tanggapan ng dalubhasa at hindi dapat sarilinin ang problema.

## ○Pangunahing Tanggapan ng Konsultasyon

| Klasipikasyon | Paksa ng Konsultasyon | Tanggapan ng Konsultasyon (Halimbawa) |
|---|---|---|
| Paglabag sa Karapatang Pantao | Nais kumonsulta dahil nakaranas ng paglapastangan sa kanilang karapatang pangtao. | →Sentro ng Pampublikong Kamalayan sa Karapatang Pantao sa Shizuoka (Tel: 054-221-3330) |
| Pagtugon sa mga inilathala sa internet ng hindi matukoy na tao | Pakiusapan na magbago ang taong lumabag sa karapatang pantao, makiusap sa internet provider na burahin ang inilathala sa halip ng biktima. | → Ministeryo ng Katarungan (Konsultasyon ng Karapatang Pantao) (Tel: 0570-003-110)<br>→Dibisyon ng Katarungan, Dibisyon ng Katarungang Pang-rehiyon |
| | Payo sa pagtugon sa isinulat, paraan ng paghiling na burahin ang nakalathala at paraang ng pagtugon sa iba pang suliranin. | →Ministeryo ng Lokal na Gawain at Komunikasyon (Sentro ng Impormasyon sa Paglabag sa Batas at Panganib) https://www.ihaho.jp/guide/index.html |
| Pagtugon ng tiktik | Nais ipahuli ang kriminal. | → Fureai Sōdanshitsu ng Kapulisan (Tel #9110)<br>→ Pinakamalapit na Koban/Presinto |
| Problema sa pagdemanda ng danyos sa mga kasong sibil | Nais lutasin ang mga legal na kaso o nais humingi ng legal na payo.<br>Nais mag-demanda sa korte o humingi ng danyos at perwisyo. | → Samahan ng mga Abogado sa Shizuoka (Magpatala muna Tel: 054-204-1999)、Hōterasu (Tel: 0570-078-374)<br>→ Samanahan ng mga Administrative Scriviner sa Shizuoka (Tel: 054-289-3704) |
| Problema sa PInagtratrabahuan | Nais ikonsulta ang problema sa trabaho. | → Konsultasyon sa Pagtratrabaho<br>→ Konsultayon sa Compliance sa Loob ng Kumpanya<br>→ Samahan ng mga Abogado (Magpatala muna Tel: 054-204-1999)、Hōterasu (Tel 0570-078-374) |